Ori.. .al Copy given to Mr. Hilum by Kon.Mozo (2-15-89) to be submitted at NALGU

REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 89-82

KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY ANG PROYEKTONG PAGPAPAGAWA NG ISANG GUSALI O MARAMIHANG GAMIT NA SENTRO (MULTI-PURPOSE CENTER) PARA SA SANGGUNIANG BAYAN AT IBA PANG TANGGAPAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA AYON SA PAGKAKA-INDORSO NG MUNICIPAL DEVELOPMENT COUNCIL (MDC) AT NG MUNICIPAL GOVERNMENT OPERATIONS OFFICER NA SI G. JORGE HILUM NG HALAGANG ₱2.4 MILYON PARA SA "PLANNING GUIDELINES SA TAONG 1989 NATIONAL ASSISTANCE FOR LOCAL GOVERNMENT UNITS (NALGU) PROJECT LISTING FOR BUDGETARY AID TO LOCAL GOVERNMENT UNITS" AYON SA MEMORANDUM CIRCULAR NO. 88-61 NG KAGAWARAN NG PAMAHALAANG LOKAL, PETSA NOBYEMBRE 17, 1988.

- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng tulong na pananalapi ng pamahalaang pambansa/nasyonal sa mga yunit ng pamahalaang lokal tulad ng Bayan ng Muntinlupa para sa mga laang-gugugulin sa mga proyektong pambayan ay nagdudulot ng pagsulong at kaunlaran ng mga ito;

SAPAGKAT, ang kasulungan ng Pambansang Pagpapaunlad (Municipal Development Council) sa kanilang pagtitipon ay napagpasiyahan ang mga pangunahing proyekto na ililista sa kaukulang pagkakahati ng alokasyon na nakalaan sa antas ng Kapulungan ng Pambayang Pagpapaunlad na naaayon sa mga uri ng proyekto na nakasaad sa Seksiyon B ng Palibot-sulat Bilang 88-61 ng Kagawaran ng Pamahalaang Lokal na pinatotohanan ni G. Jorge Hilum, Pambayang Pinuno ng mga Gawain ng Pamahalaan;

SAPAGKAT, ang mga namumuno sa pamahalaang bayan ay inaasahan na sa pagsasakatuparan at pagpapagawa ng isang gusali upang magamit ng mga kagawad ng Sangguniang Bayan at ibang tanggapan ng pamahalaang bayan ay mapapabilis at lalong maisasaayos ang paninilbihan sa taong bayan;

NGAYON, DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ng Muntinlupa ay napagpasiyahan at pinagpasiyahan pang muli na pagtibayin ang proyektong pagpapagawa ng isang gusali o maramihang gamit na sentro (multi-purpose center) para sa Sangguniang Bayan at iba pang tanggapan ng Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa ayon sa pagkaka-indorso ng Municipal Development Council (MDC) at ng Municipal Government operations officer na si G. Jorge Hilum ng halagang ₱2.4 milyon para sa "Planning Guidelines sa taong 1989 National Assistance for Local Government Units (NALGU) project listing for budgetary aid to local government units" ayon sa Memorandum Circular No. 88-61 ng Kagawaran ng Pamahalaang Lokal, Petsa Nobyembre 17, 1988.

PINAGTIBAY ng buong pagkakaisa ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pang-apatnapu't anim na pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-6 ng Pebrero, 1989.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

ATTY. IGNACIO R. BUNYE
Punongbayan

PINATOTOHANAN:

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA**
KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

**pahina - 2 -**

**kapasiyahan Blg. 89-82**

**PINAGTIBAY :**

KGG. JAIME R. FRESNEDI
PANG.PUNONGBAYAN/PANG.PANGULONG OPISYAL

KGG. CARLO G. TENSUAN
**Konsehal**

KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ
**Konsehal**

KGG. EPIFANIO A. ESPELETA
**Konsehal**

KGG. REY E. BULAY
**Konsehal**

KGG. NEMESIO O. MOZO
**Konsehal**

KGG. LUCIO B. CONSTANTINO
**Konsehal**

KGG. ROMAN E. NIEFES
**Konsehal**

KGG. RUFINO B. JOAQUIN
**Konsehal**

KGG. ROGER C. SMITH
**Konsehal**

KGG. NOLASCO L. DIAZ
**Konsehal**

**PINAGTIBAY : Pebrero 6, 1989.**